

Mga Protocols Para Sa Mga Institutes of Higher Education (Mga Institusyon Ng Mas Mataas Na Edukasyon): APPENDIX Y1

SIMULA 3/12/21:

- Ang Long Beach ay mailalagay sa Red Tier sa ilalim ng Blueprint ng Estado para sa Mas Ligtas na Ekonomiya. Mga pagbabago ay may highlight na dilaw. Mga kolehiyo at mga unibersidad sa Long Beach ay maaaring magsimula uli ng mga harapang pagtuturong akademiko at mga pagtitipon ng mga estudyante ay limitado sa 25% ng maximum na occupancy o 100 katao, kung alin man ang mas kakaunti. Mga pagtuturong akademiko sa pamamagitan ng distance-learning ay hinihikayat kung posible.

Ang City of Long Beach Department of Health and Human Services ay sumusunod sa patnubay mula sa California Department of Public Health, na nagrerekomenda na ang mga county na may matataas na antas ng transmisyon sa komunidad ng COVID-19 limitahin ang muling pagbubukas ng mga kolehiyo at unibersidad.

Dapat din na limitahin ng mga kolehiyo at unibersidad ang mga nakatira sa campus na mga estudyante ngunit maaring magpabahay kung walang ibang matitirahan. Para sa mga estudyante na nagbibigay ng training at instruksyon para sa mga trabahador na esensyal, ang mga pabahay sa campus ay para lamang sa mga kasali sa mga harapang personal na instruksyon para makompleto ang kanilang training at para doon sa walang ibang matirahan. Mga manlalaro ay di papayagan tumira sa campus maliban kung wala silang ibang matirahan **o kung papayagan na may sulat mula sa Long Beach Officer.**

Mga pang kolehiyong sports ay maaari lamang magpatuloy kung susunod sa lahat ng tagubilin ng (Partikolar na Pansamantalang Patnubay Para sa Sports ng Pang-Kolehiyo) California Department of Public Health [Specific Interim Guidance for Collegiate Athletics.](#) (Partikolar na Pansamantalang Patnubay Para sa Sports ng Pang-Kolehiyo).

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

Ang Department of Health and Human Services ng Long Beach (Health Department o Departamento ng Kalusugan) ay may gagamiting bagong paraan, na sinusupportahan ng agham at ng mga dalubhasa ng kalusugan pampubliko, para ma-limita ang mga aktibidad sa mga Institute of Higher Education (IHE) hanggang sa ang mga pangyayari ay magpapahintulot ng ligtas na pagubukas. Ang mga tagubilin sa ibaba ay partikular sa IHE. Karagdagan pa sa mga kondisyong ipinataw sa IHE ng State Public Health Officer, ang Institute of Higher Education ng City of Long Beach ay dapat sumunod sa mga Checklist para sa Institutes of Higher Education

Gaya nang nai-tala sa itaas, mga pinapayagang aktibidad ay ang mga sumusunod:

- Pabahay sa campus para sa mga estudyanteng walang alternatibong opsyon para sa bahay;
- Ang Diagnostic Testing ay kailangan ibagay sa estudyante na nakatira sa campus. Ang pag-kompleto ng Diagnostic Testing ay hindi dapat lumagpas ng 48 horas.
- Mga harapan o sa personal na pagtuturong akademiko at mga pagtitit
- Mga kolehiyo at mga unibersidad sa Long Beach ay maaaring magsimula uli ng mga harapang pagtuturong akademiko at mga pagtitipon ng mga estudyante ay limitado sa 25% ng maximum na occupancy o 100 katao, kung alin man ang mas kakaunti. Mga aktibidad na kinakailangan para sa mga faculty para sa pagsagawa ng distance learning o iba pang mga aktibidad na remote.
- Anumang mga aktibidad na gagawin bilang bahagi pagtugon ng State o County sa COVID-19: Pang-kolehiyong sports na sumusunod sa patnubay ng CDPH (tignan ang link sa itaas).

Tandaan na ang mga IHE ay maaari pang sumunod sa iba pang mga protocol ng DHHS o CDPH, kasama ang mga sumusunod pero hindi limitado sa:

- Protocol ng DHHS para sa mga [retail establishment](#)
- Protocol ng DHHS para sa mga [gyms at fitness centers](#)
- Protocol ng DHHS para sa mga [restaurants](#)
- Protocol ng DHHS para sa mga [office-based worksites](#)
- Protocol ng DHHS para sa mga [collegiate athletics.](#)

Tandaan na an mga events sa campus ay mananatiling bawal maliban sa mga events na kaugnay sa mga karapatan na pinoprotektahan ng konsititusyon tulad ng mga protesta ng publiko at mga personal na serbisyo ng pananampalataya na isinasagawa sa lugar ng pagsamba.

Paki Tala: Ang dokumentong ito ay maaari pang mabago sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon tiyakin i-check ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa mga regular na pagbabago ng dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Mga patakaran at mga pagsasagawa sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang empleyado

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- (2) Mga patakaran para maprotektahan ang kalusugan ng mga estudyante
- (3) Mga hakbang para masegurado ang physical distancing
- (4) Mga hakbang para seguradong kontrol ng impkasyon
- (5) Komunikasyon sa publiko at mga empleyado
- (6) Mga hakbang sa seguradong pantay-pantay na access sa mga serbisyong kritikal.

Itong limang aspeto ay dapat matugunan habang ang pasilidad ay nagbubuo ng protocol ng muling pagbubukas

Kailangang ma-implementa ng Insitutues of Higher Learning lahat ng angkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa kung bakit may hakbang na hindi na-implementa ay hindi naaangkop sa institusyon.

Pangalan ng Institusyon: _____

Direksyon: _____

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

A. **MGA PATAKARAN AT MGA PAGSASAGAWA PARA MAPROTEKTAHAN ANG MGA EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK ANG LAHAT NG NAAANGKOP)**

- Para sa dahilan ng protocol na ito, kasama sa depinisyon ng “empleyado, pero hindi limitado sa mga bayad, full-time at part-time na faculty at staff, mga empleyado ng kompanya na may kontrata sa IHE para sa mga aktibidad na pinapayagan sa itaas, mga student employees, mga interns at boluntaryo.
- Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalik-balik na kondisyong pangkalusugan) ay dapat makipagusap sa kanilang manggagamot o health care provider o occupational health services para makagawa ng angkop ng desisyon sa pagbalik sa trabaho at kung hinihiling, ay bigyan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay kung magagawa.
- Mga proseso ng trabaho ay binago para mapadami ang mga pagkakataon na makapag-trabaho sa bahay ang mga empleyado.
- Sa pagsunod sa wage and hour regulations, mga hindi sabay sabay na shift ay isinagawa para malubos ang physical distancing.
- Lahat ng mga empleyado na patuloy ang trabaho sa campus sa ngayon, ay may utos na huwag pumasok kung may sakit o kung may nalapit na na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sundin ang patnubay para sa self-isolation at quarantine, kung naaangkop. Mga patakaran ng leave ay pinag-aralan at inamyendahan ng hindi maparusahan ang empleyado kung sila ay manatili sa bahay dahil sa sakit.
- Impormasyon sa mga leave benefits na ini-sponsor ng employer o ng gobyerno na karapat-dapat matanggap ng empleyado na magiging mas madali para sa kanila na kumita habang nasa bahay ay na ibigay na sa mga empleyado. Tignan ang mga karagdagang mga impormasyon sa mg programa ng gobyerno hinggil sa COVID-19, kasama na ang karapatan ng sick leave sa ilalim ng [Families First Coronavirus Response Act](#) ang mga karapatan ng mg a empleyado sa mga benepisyo ng workers compensation at pagkakahawa sa COVID-19 sa trabaho na nangyari noong Marso 19 hanggang Hulyo 5 alinsunod sa Executive Order N-62-20.
- Ang IHE ay mayroong **COVID-19 Containment, Response and Control Plan** na nagsasalarawan ng isang masusing paraan ng IHE sa pag-iwas at pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 sa campus. Kasama sa plano, pero hindi limitado, ang mga sumusunod na elemento:
 - Isang naatasang School Covid-19 Compliance Task Force na responsable sa pagbuo at pagpatupad ng lahat ng protocol ng kaligtasan ng COVID-19 at sinisigurado na ang staff at mga estudyante ay makakatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19. Ang naatasan na COVID-19 Compliance Officer na nagsisilbing taga-ugnay sa Health Department kung sakaling kumalat sa campus ang sakit.
 - Isang [IHE Exposure Management Plan](#) na kapareho ng patnubay ng DHHS na binabalangkas ang proseso para sa instruksyon ng IHE para sa mga kinilalang kaso ng COVID-19 na [mag-isolate sa bahay](#); ang pagkilala ng mga taon na nagkaroon ng exposure sa kaso sa loob ng campus; na nangangailangan ng agad-agad na pag-self-quarantine ng lahat ng mga empleyado o mga estudyante na nagkaroon ng exposure; at, para sa lahat ng mga naka-quarantine na madaling makakuha ng COVID-19 test para maunawaan ang sakop ng pagkalat sa campus para maipaalam ang mga karagadagang hakbang ng pagkontrol ng COVID-19. Tignan ang patnubay ng public health sa [responding to COVID-19 in the workplace](#).
 - Sa pagkakataon na may kumpol na tatlong kaso o mahigit pa ang napag-alaman sa campus na epidemiologically linked (mga nag-abot sa isang lugar at parehong panahon habang nakakahawa) sa loob ng 14 araw, i-report ang isang plano o protocol sa Long Beach Health Department sa pag-email sa COVID19Edu@longbeach.gov o itawag sa 562.570.4636. Makikipagugnayan ang Health Department sa sityo ng ma-determina kung nakamit ng kumpol ang batayan ng pagkalat para sa IHE. Kung ang batayan ng pakalat ay nakamit, sisimulan ng Health Department ang isang

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

pagtugon na may kasamang mga patnubay at mga rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at ang mga partikular sa sityo na mga habang ng pagkontrol.

- Ang pagkakaroon ng sapat na pabahay para sa mga estudyante at/o staff na nakatira sa magkakasamang pabahay para sa dahilan ng isolation at quarantine.
- Isang plano para masegurado ang suporta para sa mga estudyanteng naka-quarantine, kasama ang pagkain, remote coursework, serbisyon ng kalusugan, transportasyon at mga pag-monitor/tracking ng mga apektadong estudyante para maisulong ang pagsunod.
- Isang plano para makapagbigay ng remote online education, kasama ang hindi pagkasabay-sabay na paghatid ng pagtuturo para mabigyang akomodasyon ang mga may sakit o estudyanteng naka-quarantine, pati na rin silang may teknolohiya o mga may hadlang sa pagbibiyahe.
- Isang matatag na plano ng komunikasyon at ugnayang tools ng komunikasyon para masegurado ang mabilis at tumpak na paghatid ng impormasyon sa mga empleyado, estudyante at sa mga pamilya ng mga estudyante ang sa mas malawak na komunidad.
- Mga pag-screen ng mga empleyado ay bago sila dumating sa trabahuhan. Ang screening ay dapat kasama ang pag-screen ng ubo, maikling paghinga, hirap huminga at fever at chills at ibang sintomas, at kung ang empleyado ay may nalapitan na may COVID-19 ng nulling 14 araw. Ang mga pag-check ay maaring gawin sa labas o sa personal sa pagdating ng mga empleyado. Isang temperature check ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- Mga empleyado na may kontak sa iba sa panahon ng kanilang pagtrabaho (publiko, estudyante o iba pang empleyado) ay aalukin ng libreng angkop na takip sa mukha na sakop ang ilong at bibig, maliban kung ang mga batayan ng Cal/OSHA ay nagtatagubilin ng mas madami pang proteksyong respiratoryo. Ang takip ay susuotin ng empleyado sa lahat ng oras na nasa campus maliban na lamang kung ang empleyado ay nagtrabaho sa sasakyan, opisina, o mag-isa sa silid. Mga empleyado na may utos mula sa kanilang mga manggagamot na di sila dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo na hapit sa ilalim ng baba. Mga mask na may one-way valved ay di dapat gamitin.
- May utos sa mga empleyado na suotin ng wasto ang takip sa mukha (seguraduhing ang ilong ay natatakpan sa lahat ng oras) hugasan ng mabuti, palitan, o i-sanitize ang kanilang takip ng madalas.
- Mga indibidwal na workstations o mga tao na nagtrabaho sa iisang lugar bilang bahagi ng isang team ay pinaghiwalay ng anim na talampakan.
- Sa pagsunod sa wage and hour regulations, mga break ay hindi sabay sabay para masegurado na ang physical distancing ay magagawa sa break room.
- Lahat ng empleyado, vendor at delivery ay may instruksyon sa pag-physical distancing at sa paggamit ng takip sa mukha kapag may ibang tao sa paligid habang na sa campus.
- Tinatagubilin ng IHE ang taimtim na rekomendasyon na ang staff ay ma-immunize sa bawat pagdating ng autumn laban sa influenza/trangkaso maliban kung labag sa kanilang mga kondisyong medikal.
- Break rooms, restrooms, classrooms, at iba pang mga karaniwang lugary ay madalas dini-disinfect.
 - Break Rooms
 - Restrooms
 - Class Rooms
 - Iba _____
- May sabon at tubig para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lokasyon: _____

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Pinapayagan ang mga empleyado na madalas mag-break para maghugas ng mga kamay.
- Bawat empleyado ay may kaniyang sariling tools, equipment at takdang lugar ng trabahao na sang-ayon sa health at safety standards. Ang pag-share ng mga lugar na trabaho o workspace at mga hinahawakang mga bagay ay babawasan o tatanggalin, ayon sa health at safety standards.
- Mga empleyado bibigyan ng oras habang na sa kanilang shift na gawin ang paglilinis. Ang paglilinis ay dapat italaga sa oras ng trabaho bilan bahagi ng kanilang mga gawain.
- Lahat ng patakaran na isinalarawan sa checklist na ito bukod doon sa mga terms ng employment ay inaangkop sa staff ng delivery at iba pang mga kompanya na nasa lugar bilang third parties.
- Itong protocol na ito ay maaaring makuha ng mga empleyado.
- Opsyonal – Isalarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA PATAKARAN PARA MA-PROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG MGA ESTUDYANTE (LAGYANG NG CHECK LAHAT NG NAANGKOP)

Mga probisyon sa ibaba ay naangkop sa mga limitadong aktibidad na pinapayagan sa campus.

- Lahat ng mga estudyante na may dahilan na manatili sa campus para magsagawa ng isa sa mga pinapayagang aktibidad na nakalista sa itaas ay kailangan magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng sulok ng campus o kung sasali sa isang aktibidad na ini-sponsor ng IHE maliban na lamang kung ang estudyante ay na sa sasakyan, opisina, o mag-isa sa silid. Kailangan silang magsuot ng takip sa mukha pag na sa campus sa kanilang tirahan.
- Mga bulnerableng mga estudyante (yung mga 65 taon, o yung mga nagdadalang tao, at yung mga may pabalik-balik na sakit) ay maaaring gawin ang kanilang klase mula sa bahay kung magagawa at dapat kausapin nila ang kanilang healthcare provider para makagawa ng angkop na desisyon hinggil sa pagbalik sa campus.
- Lahat ng mga estudyante na may dahilan na manatili sa campus at magsagawa ng isa sa mga pinapayagang aktibidad na nakalista sa itaas ay sinabahihan na manatili sa bahay o sa kanilang pabahay sa campus kung silay ay may sakit at i-report ang kanilang sakit sa naangkop ng kontakc (student health services) sa loob ng IHE.
- Mayroong pag-check ng sintomas bago magsimula ang anumang pinapayagang aktibidad na nangangailangan ng mga estudyante sa campus. Mga estudyante na nakatira sa campus housing ay may utos na gawin ang araw-araw ng pag-screen, kasama ang ubo, maikling paghinga, lagnat at iba pang mga sintomas na maaari nilang nararanasan. Isang temperature check ay gagawin kung posible.
- Inutusan ng IHE lahat ng mga estudyante na walang dahilan na maglagi sa campus na gawin ang mga pinapayagan aktibidad na may imuninisasyon sa trangkaso ay kinakailangan.
- Nagbigay sa mga estudyante ng mga educational materials ang IHE hinggils apraan ng IHE na mapahinto ang transmision ng COVID-19 sa campus kasama na, pero hindi limitado
- The IHE has provided students with educational materials about the IHE's approach to preventing transmission of COVID-19 on campus including, but not limited to:
 - Wastong paghinga;
 - Paghuhugas ng kamay;
 - Ang tagubilin na gumamit ng takip sa mukha ay naghihikayat sa Cal/OSHA standards na

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

nangangailangan ng proteksyong pang-respiratoryo kapag may malapit na estudyante o empleyado sa campus;

- Ang angkop ng paggamit ng takip sa mukha, kasama na ang pangangailangan na labhan ang telang takip ng madalas;
- Ano ang gagawin kapag masama ang pakiramdam; at
- Paano makakuha ng serbisyo ng health care sa campus.
- Ang Diagnostic Testing na may molecular assays ay gagawin bawat linggo, na may 25% ng estudyante na nakatira sa pabahay sa campus, para makompleto ang testing ng 100% ng mga residente sa campus bawat buwan. Ang pagkompleto ng Diagnostic Testing ay hindi dapat lumagpas ng 48 oras.

Nirerekomenda na lahat ng manlalaro na kasali sa mga aktibidad sa campus ay dapat tumanggap ng regular na testing para sa COVID-19. Kung ang pag-test ng mga manlalaro ay gagawin linggo-linggo, ang antigen test ay maaaring gawin. Kung ang pag-test ng lahat ng malalaro ay gagawin ng hindi ganon kadalas, PCR test ang dapat gawin.

Ibig sabihin ng “Diagnostic Testing” ay ang paggamit ng diagnostic test kaugnay sa SARS-CoV-2, ang virus na nagsasanhi ng COVID-19 o coronavirus disease 2019. Kung ang unang dahilang ng nasabing testing ay para sa indibidwal na pagsuri or paggamot. Mga test lamang na ay emerhensiyang awtorisasyon (EUA) mula U.S. Food and Drug Administration (FDA) ay dapat gamitin para sa pag-alaga ng pasyente. Sa ngayon dalawa lang ang tipo ng diagnostic test – molecular test na nagdedetekta ng genetic material ng virus, at ang antigen test na nagdedetekta ng mga partikular na protein sa ibabaw ng virus. Molecular test lamang ang dapat gamitin sa regular na pagtest sa mga residente sa campus. May nilalabas ang The State of California’s COVID-19 Testing Task Force (TTF) na listahan ng laboratory na may kapasidad mag test at tumatanggap ng mga samples para makapagbigay ng pag-test COVID-19 sakanilang website sa <https://testing.covid19.ca.gov/covid-19-testing-task-force-laboratory-list>.

C. MGA HAKBANG PARA MASEGURADO ANG PHYSICAL DISTANCING (LAGYANG NG CHECK ANG ANGKOP)

- Pabahay sa campus (hal. residence halls, mga dormitory, mga apartment sa loob ng campus):
 - Ang pabahay sa campus ay limitado sa mga estudyanteng na walang ibang opsyon para manirahan.
 - Ang dami na kakasya sa isang pabahay sa campus ay limitado sa isang estudyante sa bawat silid-tulugan o kwarto.
 - Kung maaaring magawa, ang bilang ng mga estudyante na gumagamit ng banyo ay babawasan.
 - Ang bilang ng tao sa anumang kwarto sa loob ng campus (lab, mga classroom na espesyal, mga meeting room, opisina) ay limitado sa anumang oras, nang ang mga tao sa kwarto ay madaling magpanatili ng di kukulang sa anim na talampakan mula sa isa’t isa sa lahat ng oras.
 - Mga matibay na harang (tulad ng Plexiglas) ay iniligay sa pagitan ng mga lababo at iba pang fixtures kung hindi posible ang pag-physical distancing ng anim na talampakan habang ginagamit. Kapag ang lababo ay magkakalapit kaysa sa anim na talampakan, isara ang namamagitan para makalikha ng mas malayong distansya. Mga estudyante ay tinuturuan hinggil sa panganib ng impeksyon kaugnay sa mga banyo at hinihikayat na huwag ipatong ang sepilyo at iba pang mga bagay na personal sa lababo o sa counter. Hikayatin ang mga estudyante na gamitin ang banyo at mga shower ng kanilang grupo nang mapahinto ang posibleng transmisyong sa loob ng nasabing grupo.
 - Kung maaaring magawa, ang mga estudyante ay sinabihan na manatili sa kanilang mga sariling kwarto habang na sa pabahay sa loob ng campus.
 - Mga estudyante ay inutusan na magpanatili ng di kukulang na anim na talampakan mula sa isa’t isa kapag nasa pabahay; mga estudyante ay maaaring panandaliang lumapit kapag nagkaka-

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

daanan sa hallway o sa hagdanan, pagsakay sa elevator, a banyo o sa iba pang paraan.

- Mga karaniwang lugar (kusina, community room, lobby, lounge, at silid-aralan) ay sarado.
- Walang mga social events o mga aktibidad na pinapayagan ayon sa utos ng local at state health officer.
- Pasukan sa building ay limitado sa mga residente lamang; mga hindi residente, bisita, mga staff na hindi pang residensya ay pinagbabawal, maliban sa mga bisitang esensyal tulad ng mga personal care attendants ng mga estudyanteng may kapansanan.
- Ang kapasidad ng elevator ay limitado sa bilang na kayang isakay habang nagpapantili ng 6 talampakan na physical distance sa pagitan ng mga pasahero; maaaring baguhin ang bilang sa maximum na apat na pasahero kung makakapagpahinutlot ng 6 talampakan distansya sa pagitan ng pasahero. Lahat ng mga pasahero ay kailangan may takip sa mukha at may instruksyon na pigilan ang pag-uusap. Isipin ang sukat ng elevator, bilang ng palapag at dami ng empleyado at bisita sa pagbuo ng mga patnubay ng physical distancing para sa pasahero ng elevator. Para mabawasan ang pagdami ng sasakay sa elevator, hikayatin ang paggamit ng hagdanan para sa “up (pataas) at “down (pababa)” na daloy, kung magagawa, na may kargadagang paglilinis ng mga hagdanan.

Ang mga Dining Hall/Silid Kainan: Maliban sa mga nabanggit, ang operasyon sa silid kainan ay limitado sa outdoor dining at mga takeout laman para sa ngayon.

- Ang dining hall ng IHE ay nag-aalok ng meal pick-up para sa mga estudyante may meal plan.
- Bawal na ang mga self-service na buffet. Ang oras ng pagkain ay hindi sabay-sabay para mabawasan ang dami ng estudyante at empleyado na nakapila para sa pick-up o naghihintay para makaupo sa labas na kainan. Isiping mabuti ang mga oras ng pag-kain at mga pag pick-up ng pagkataan.
- Physical distance sa pagitan ng mga mesa/upuan sa kainan sa labas ay dinagdagan para masuportahan ang 6 talampakan na physical distancing. Simula July 3, 2020 at hanggang may bagong notisya, ang indoor dining ay bawal ayon sa utos ng Long Beach City Health Officer.
- May mga hakbang para malimita ang kontak ng mga dining hall staff, empleyado at mga estudyante. Mga harang tulad ng partiyon o Plexiglas ay inilagay sa mga register, host stand at mga ordering counter, kung saan mahirap mag-physical distancing ng anim na talampakan.
- Mga operasyon ay inayos, kung saan maaaring gawin, para makamit ang physical distancing ng mga empleyado (kusina at ang mga sahig sa likod ay may mga marka para sa tagubilin ng physical distancing).

Mga karagdagang hakbang para masegurado ang physical distancing ay ninirekomenda, kasama na na ang mga one-way na linya para sa pick up, pasukan, at labasan, wala ng self-service buffets, mga marka sa sahig, at mga karatula.

- Mga lugar ng instruksyon (classroom, lecture halls, laboratoryo), mga personal na instruksyon sa campus ay limitado sa ngayon para sa mga aktibidad na kailangan para sa training mga esensyal na trabahador. **Mga probisyon sa ibaba ay naaangkop lamang sa training ng mga esensyal na trabahador na hindi maaaring isagawa sa distance learning. Sa ilalim ng mga kondisyon ng kasalukuyang direktibo ng estado.** Ang indoor education ay pinapayagan lamang para sa mga trabaho o training na esensyal para sa sertipikasyon, pagkuha ng lisensya, o mga tagubiling pang-edukasyon para sa mga esensyal na trabahador na kinakailangan gawin sa loob (hal. laboratory) and hindi maaaring gawin sa paraang birtwal o sa labas.
- Mga klase sa personal ay para lamang sa mga esensyal na trabahador ay gagawin sa labas kung posible, papayagan ng panahon, at ang mga IHE ay kailangan gumamit ng tolda, o iba pang shade, pero lamang ang mga tagiliran ng tolda ay bukas at may dumadaloy na hangin. Ang laman ng

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

classroom ay limitado sa 50% na kakasya, kailangan mayroong 6 talampakan na distansya sa bawat estudyante.

- Kung maaaring magawa, ang mga estudyante na nasa campus na kailangan magsagawa ng mga pinapayagang aktibidad ay limitado sa grupo na maliit sa 30 para mabawasan ang panganib ng pagkalat ng sakit.

Mga opisina ng administrasyon:

- Mga empleyado at estudyante ay inutusan na magpanatili ng di kukulang sa 6 talampakan na distansya sa isa't isa at sa kung sino man namakahalubilo sa campus habang gumagawa ng mga pinapayagang aktibidad; maaaring lumapit ng saglit ang mga empleyado kapag kailangan para tumanggap ng delivery, bayad o iba pang mga pangangailangan.
- Ang kapasidad ng elevator ay limitado sa bilang ng tao na kayang isakay habang mayroong 6 talampakan na distansya sa bawat pasahero; ang bilang na ito ay maaaring mabago sa maximum na 4 na pasahero sa anumang oras para sa mga elevator na hindi makakapag physical distancing ng 6 talampakan sa bawat pasahero. Lahat ng pasahero ay kailangan may suot na takip sa mukha at sasabihan na iwasan ang pakikipag-usap. Isiping mabuti ang sukat ng elevator, dami ng palapag, at ang arawang bilang ng empleyado at bisita para makabuo ng mga patnubay ng physical distancing angkop para sa mga pasahero ng elevator.
- Para mapigil ang pagsiksikan sa elevator sa antas na nabanggit sa itaas, hikayatin ang paggamit ng hagdanan. May mga itinalagang mga hagdanan para sa "up (pataas)" o "down (pababa)" na daloy, kung magagawa, na may kasamang mas madalas na paglilinis ng hagdanan.
- Mga hakbang ay naisapatupad para masegurado ang physical distancing na hindi kukulang sa 6 talampakan sa pagitan ng mga empleyado at iba pang tao sa campus. Maaaring kasama dito ang mga paggamit ng partiyon at mga senyas (marka sa sahig, tape, o karatula na nagsasabi kung saan ang mga trabahador at empleyado tatayo.)
- Mga muebles para sa publiko (mga nasa lobby, resepsyon, o hintayan) ay tinanggal o binawasan para masuportahan ang physical distancing. Kung ang pagtanggap ng muebles ay hindi magagawa, mayroon karatula na naghikayat ng physical distancing ang nakapaskil.
- Mga bintana o counter para sa customer service ay sarado muna kung maaari. Kapag bukas, mangangailangan ng physical distance na 6 talampakan mula sa nagseserbisyo.
- Mga empleyado at estudyante ay huwag hikayatin na magpulong-pulong sa anumang lugar, lalo na sa mga karaniwang lugar o mataong lugar, tulad ng banyo, hallway, at hagdanan.
- Kung talagang magagawa, ang daloy ng mga tao sa trabahuhan ay binago para mabawasan ang lapitan (pinto ay para sa pagpasok paglabas lamang; may nga daanan na may direksyon sa hallway at pasilyo na inilagay para sa mga naglalakad para maiwasan ang banggaan ng mga empleyado sa isa't isa.

Mga meeting na personal ay hindi hinihikayat at pinapaboran ang mga meeting na birtwal. Kung ang sa personal na meeting ay kinakailangan, habang isinasagawa ang mga pinapayagang mga aktibidad, ito ay limitado nang lahat ng kasali sa kwarto ay makapagpanatili ng di kukulang sa 6 talampakan na distansya mula sa isa't isa sa lahat ng panahon at ang mga kasali ay dapat nakasuot ng takip sa mukha at ang mga meeting ay gagawin sa malalaking silid para maaring makapagpanatili ng physical distancing. Mga meeting ay gagawin sa labas kung maari.

Mga saskayan sa loob ng campus:

- Paggamit ng sasakyan sa campus (bus, shuttle van, at iba pa) ay limitado nang lahat ng pasahero ay makapag-physical distancing ng 6 talampakan kung maaaring magawa. Isipin kung maaring

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

matanggal o lagyan ng espasyo ang mga upuan para makapag-physical distancing o gumamit ng may kulay na tape para markahan ang mga upuan na maaaring gamitin ng pasahero. Kung saan posible, mayroong karagdang sasakyan para masuportahan ang mga rutang busy. Kung hindi maaaring gawin ang pag-physical distance, maglagay ng mga mga harang para mabawasan ang lapitan ng mga pasahero.

- Kung saan maaaring gawin, mga harang ay inilagay para sa proteksyon ng driver sa pasahero na sumasakay at bumababa ng sasakyan.
- Isang pasukan at labasan ng pasahero ay inayos para mabawasan ang lapitan at siksikan ng mga pasahero sa pagpasok o pagbaba ng sasakyan.
- Lahat ng pasahero ay kailangan nakasuot ng takip sa mukha.
- Mga bintana nga sasakyan ay bukas, kung ito ay magagawa, para sa malakas na daloy ng hangin.

D. MGA HAKBANG PARA MASEGURADO ANG KONTROL NG IMPEKSYON (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANKOP)

- Ang HVAC system sa lahat ng mga gusali ng campus ay nasa mahusay na kondisyon; at nasa pinakamalakas na kakayahan kung magagawa, tinaasan ang bentilasyon sa lahat ng mga gusali, kahanay sa American Society of Heating, Refrigerating at Air-Conditioning Engineers (ASHRAE) standards. Kung talagang magagawa, maglagay ng portable high-efficiency na mga air cleaners, ang air filters ng gusali ay pinahusay sa pinakamalakas na kakahayan, mga bintana at pinto ay bukas, at iba pang mga pagbabago ay ginawa ng mapalakas ang daloy ng hangin at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Mga mechanical na bentilasyon sa mga gusali ay dapat patuloy na pinapaandar kapag may tao sa gusali.
- Para mabawasan ang panganib ng Legionnaire's disease of iba pang mga sakit na kaugnay sa tubig, gumawa ng mga hakbang para masegurado na ang tubig ay ligtas gamitin pagkatapos nang matagal na pagkakasarado.
- Ang paggamit ng drinking fountain ay bawal. Hinihikayat ang mga faculty, staff at estudyante na magdala ng kanilang sariling tubig at gamitin ang mga refilling station kung mayroon para sa personal na lalagyan. Ang mga water refilling station ay dapat linisin at i-disinfect ng madalas. Maglagay ng karatula sa mga estasyon na naghihikayat ang mga gumagamit na maghugas o mag-sanitize ng mga kamagay pagka-refill.
- Mas mahusay na paglilinis ay kinokompleto ng madalas ng mga propeysonal na tagalinis o ng mga na-train na custodial staff.
- Kung maaaring gawin, mga pinto, switch ng ilaw, basurahan ay contactless.
- Mga karaniwang lugar at mga madalas hawakang mga bagay tulad ng mesa, doorknob, switch ng ilaw, counter, hawakan, desk, telepono, keyboard, switch ng elevator at pindutan, touch screen, printer/copier, panghila, hawakan sa hagdanan ay dini-disinfect ng mahigit sa isang araw o mas madalas depende sa paggamit, gamit ang EPA na aprubado na disinfectant at sinusunod ang instruksyon ng manufacturer.
- Hiramang mga gamit (stapler, puncher, bolpen, tasa) ay tinanggal para sa lahat. Kung kailangan maghiraman ng mga gamit, i-disinfect sa bawat shift o paggamit, kung alin ang mas madalas, kasama ang mga sumusunod: mga office equipment tulad ng fax, printer, telepono, keyboard, stapler, ibabaw ng reception, mga workstation na hiramang, gamit ang mga angkop na panlinis ng ibabaw.
- Lahat ng classroom o meeting room na mga AV equipment na kailangan gamitin ng madaming tao (computer, projector, mikropono, remote, kliker) ay sina-sanitize sa bawat paggamit.
- Sa lahat ng panahon na nasa campus para gumawa ng mga pinapayagang aktibidad, mga empleyado, estudyante, at bisita sa campus ay inutusan na magsuot ng takip sa mukha maliban kung ayon sa mga patakaran ng Cal/OSHA na ngangailangan ng proteksyong pang respiratoryo. Ito ay naaangkop din sa lahat ng mga adulto at mga bata na 2 taon at mahigit. Mga tao lamang na may utos na huwag magsuot ng takip sa

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

mukha ayon sa kanilang doktor ang hindi kailangan magsuot ng takip. Mga estudyante o empleyado na nasa saradong opisina, cubicle na may dingding o kung ang mga estudyante ay nasa kanilang kwarto sa dormitoryo, residential suite at mga apartment ay hindi kailangan magsuot ng takip sa mukha. Maaari din tanggalin ng mga estudyante ang takip kung kumakain sa dining hall o kung ang takip ay di talaga maaaring gamitin (pagsepilyo, shower at iba pa).

- Kung kakayanin ayon sa batas, ang pagpasok sa campus ng mga hindi esensyal na bisita ay limitado. Mga sa personal na mga aktibidad o meeting kasama ang mga tagalabas na mga grupo, lalo na ang mga tao na hindi lokal (halimbawa mga taga ibang lugar) ay hindi pinapayagan sa ngayon. Mga bisita sa campus ay appointment lamang at kailangan munang magparehistro sa talaan ng mga bisita kasama ang kanilang pangalan, telepono at email. Mga bisita ay sasabihan na dumating sa appointment na mag-isa. Kung ang bisita ay may kasama (para sa pagsalin, o dahil menor de edad, o may mga anak) ang impormasyon ay nasa talaan ng bisita. Kung kakayanin, ang paggalaw ng bisita sa campus ay limitado sa mga takdang lugar lamang tulad ng reception o lobby, customer service, conference o meeting room at mga restroom.
- Disinfectant at mga katulad na supply para sa mga empleyado ay nasa mga sumusunod na lokasyon:

-
- Kung maaaring magawa, lahat ng lugar sa reception kung saan mahirap gawin ang physical distancing ay maglagay ng mga harang (Plexiglass) para mabawasan ang kontak ng mga empleyado at bisita.
 - Gagawin ang screening bago pumasok ang mga bisita sa mga gusali ng campus. Kasama sa pag-check ang pagtingin kung may lagnat, ubo, maikiling paghinga, nahihirapang huminga at lagnat o may chills at iba pang mga sintomas na mayroon ang bisita at kung mayroon nalapitan na hinihinalang may COVID-19 sa loob ng 14 araw. Ang mga pag-check na ito ay maaaring gawin sa personal o sa alternatibong paraan tulad ng on-line chek sa sistema o sa mga karatula na nakapaskil sa pasukan na nagsasabing ang mga bisitang may sintomas ay hindi dapat pumasok sa loob ng pasilidad.
 - Mga bisitang mga darating sa campus na may mga bata ay dapat seguraduhin na ang mga bata ay parating nasa tabi ng mga magulang habang nasa mga gusali, hardin at iwasan ang pagahawak sa mga tao o bagay na hindi kanila at mag mask kung angkop sa edad.
 - Hand sanitizer, sabon at tubig, tissue at mga basurahan ay malapit sa publiko at nasa lahat ng gusali.
 - Restrooms, lobbies, break rooms, at mga pahingahan at iba pang karaniwang lugar ay dini-disinfect ng madalas:
 - Restrooms, Lobbies, Break Rooms, Hintayan, at iba pa _____
 - Mga gusali na mayroong pasilidad sa bisikleta ay bukas at ang kapasidad para sa paradahan ay dinagdagan, kung magagawa.
 - Opsyonal– Isalarawan ang iba pang mga hakbang:

E. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA KOMUNIDAD NG CAMPUS AT PUBLIKO

-
- Kopya ng protocol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pasukan, para sa mga malalaking institusyon, isang karatula na may QR code o link sa website ng IHE na nagpapaskil ng kopya ng protocol ay sapat para makamit itong tagubilin.
- Karatula ay pinaskil para makapagbigay ng malinaw na patnubay sa publiko kung paaano mapapanatili ang kaligtasan sa loob ng pasilidad (physical distance, pasuot ng takip sa mukha).
- Karatula ay nakapaskil sa pangunahing pasukan ng bawat gusali sa campus para ipaalam sa empleyado, estudyante at mga bisita na dapat silang: Umiwas sa pagpasok kung may ubo, lagnat at iba pang sintomas ng COVID-19.

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- May plano ng komunikasyon ang IHE para sa pagsarado ng campus na kasama ang ugnayan sa mga estudyante, empleyado at komunidad.
- Mga online outlet (website, social media) ay nagbibigay ng malinaw na impormasyon hinggil sa paggamit ng takip sa mukha, patakaran hinggil sa mga appointment at iba pang mga isyu.
- Ang protocol ay ipinamahagi sa ibang mga organisasyon na ka-alyado ng IHE, tulad ng mga club, Greek organizations at iba pa at ang IHE ay sinesegurado na ng mga organisasyon ay sumusunod sa utos.
- Magbuo ng mga sistema para maisagawa at gawing responsable ang mga organisasyon pagsunod sa protocol na ito

F. MGA HAKBANG SA PANTAY PANTAY NA PAGKUHA SA MG SERBISYONG KRITIKAL

- Itinaguyod ang mga hakbang para sa seguradong access sa online o sa personal na serbisyo ng edukasyon para sa mga bulnerableng mga estudyante.
- Serbisyonang administratibo o operasyon na maaring gawin sa paraang remote (rehistrasyon ng klase, pagsomete ng form at ng assignment) ay inilipat na online.
- Mga hakbang ay itinaguyod para sa seguradong access sa mga serbisyo at mga goods para sa mga estudyante at bisita na may limitasyon sa paggalaw at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong espasyo.

Mga karagdagang hakbang na hindi kasama sa itaas ay ilista sa hiwalay na mga pahina, na ilalaking ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaring niyong kontakin ang sumunod na tao kung may mga taong, komento hinggil sa protocol na ito.

Pangalan
Ng negosyo: _____

Telepono: _____

Petsa ng
Huling pababago: _____

PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV